

ANG MAHALAGANG TUNGKULIN NG WIKA SA PAGHUBOG NG INDIBIDWAL: ISANG PAGSUSURI SA PAMBANSANG IDENTIDAD AT KULTURA

by:

Adam Helson G. Elardo

Teacher III, St. Francis National High School

Ang wika ay hindi lamang isang sangkap sa sistema ng komunikasyon; ito rin ay naglalarawan ng kultura, nagpapahayag ng damdamin, at nagbubukas ng pintuan sa pag-unlad ng indibidwal. Sa pamamagitan ng paggamit at pag-unawa ng wika, nagiging daan ito para sa paghubog ng kanyang personalidad at pagiging bahagi ng mas malawak na lipunan.

Ang wika ay isang instrumento ng komunikasyon na nagbibigay-daan sa mga tao na ipahayag ang kanilang kaisipan, ideya, at damdamin. Sa pang-araw-araw na buhay, ito ang pangunahing kasangkapan na ginagamit natin upang maiparating ang ating mga nais sabihin. Ang bawat salita ay may malalim na kahulugan, at ito ay naglalarawan ng kung paano natin nakikita ang mundo sa ating paligid. Sa pag-aaral at pagsasanay sa wika, naituturo sa atin ang tamang paraan ng paggamit nito. Ang mga bata, sa kanilang unang pagkakaroon ng kasanayan sa wika, ay natututuhan ang mga pangunahing patakaran ng pakikipag-usap, pagsulat, pagbasa, at pag-unawa. Ang mga ito ay mga kasanayan na magbibigay ng pundasyon para sa kanilang mas mataas na antas ng edukasyon. Sa paaralan, ang wika ay nagiging bahagi ng pang-araw-araw na pagtuturo. Ito ay hindi lamang isang asignatura kundi isang instrumento para sa pagpapahayag ng kaalaman at kasanayan. Ang mga guro ay gumagamit ng wika upang iparating sa mga mag-aaral ang mga kaalaman at kasanayan. Ito rin ay nagiging daan para sa masusing pagsusuri at pagsusog ng mga ideya.

Bilang bahagi ng paghubog ng indibidwal, ang wika ay nagbibigay daan sa pagsusuri at pag-unawa ng sariling karanasan. Ang bawat salita at pangungusap ay naglalaman ng personal na kahulugan at karanasan ng bawat isa. Ito ay nagiging daan para sa pagpapahayag ng sariling opinyon, damdamin, at pangarap. Sa pamamagitan ng wika, natutuhan natin ang tamang paraan ng pagpapahayag at pag-uugnay ng mga ideya. Ito ay nagiging instrumento para sa masusing pagsusuri at pagsusog ng mga argumento. Ang pag-aaral ng gramatika at wastong paggamit ng bokabularyo ay nagpapahusay sa ating kakayahan na maiparating ang ating mga mensahe nang malinaw at epektibo.

Ang wika rin ay nagbibigay ng identidad sa bawat indibidwal. Ito ay naglalarawan ng kultura, tradisyon, at kasaysayan ng isang tao. Halimbawa, sinabi nina Antalao at Lartec (2015) na nagsisilbing lunduyan ng pagkakakilanlan, kultura at identidad ng mga Ilokano ang mga wika sa kanilang mga pagdiriwang o festival. Sumasalamin ang mga wikang ito ng kanilang pagiging mapagtangi, malikhain, at mapagpasalamat na maaring ipagmalaki sa buong mundo. Ang bawat wika ay may kakaibang pagpapahayag ng damdamin at karanasan, at ito ay nagbibigay kulay sa ating pagkakakilanlan. Sa pamamagitan ng wika, natutuhan natin ang ating pinagmulan at nagiging bahagi tayo ng isang mas malawak na komunidad.

Sa larangan ng trabaho, ang wika ay isang pangunahing kasanayan. Ang mga propesyunal na may magandang kasanayan sa wika ay mas nagiging epektibo sa kanilang pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kasamahan, kliyente, at iba pang mga stakeholder. Ang tamang paggamit ng wika ay nagbubukas ng pintuan para sa mas maraming oportunidad sa karera.

Ang wika rin ay nagbibigay daan para sa masusing pagsasanay ng kritikal na pag-iisip. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng wika, natutuhan natin ang masusing pagsusuri, interpretasyon, at pagsusog ng mga ideya. Ito ay nagiging instrumento para sa pagpapahayag ng mga opinyon at pagtatanghal ng sariling pananaw.

Ang wika rin ay nagiging bahagi ng paghubog ng pambansang kamalayan at pagkakakilanlan. Ito ay nagbibigay ng pagkakakilanlan sa isang bansa at nagpapalalim sa pag-unawa ng mga mamamayan sa kanilang kasaysayan, kultura, at pag-usbong. Ang pagkakaroon ng isang pambansang wika ay nagbubukas ng mga pinto para sa pag-unlad ng bansa. Sa konteksto ng globalisasyon, ang wika ay nagiging mas mahalaga pa. Ang pag-aaral ng iba't ibang wika ay nagbibigay daan sa mas malawak na pagsasanib at pang-unlad ng mga ugnayan sa pagitan ng iba't ibang kultura at bansa. Ito ay nagbubukas ng pinto para sa mas maraming pagkakataon sa larangan ng negosyo, edukasyon, at iba pang sektor. Ito ay nagbibigay daan para sa pag-unlad ng indibidwal sa iba't ibang aspekto ng buhay. Ito ay hindi lamang isang kasangkapan sa komunikasyon kundi isang bahagi ng ating pagkakakilanlan at kultura. Sa pamamagitan ng tamang paggamit at pag-unawa ng wika, nagiging mas malalim ang ating pang-unawa sa sarili, sa ating kapwa, at sa mas malawak na. Ang wika ay isang makapangyarihang kasangkapan na nagbibigay daan sa pagpapahayag ng damdamin, pagpapahayag ng kaisipan, at pagbabahagi ng karanasan. Ito ay isang instrumento na may malalim na kahulugan sa paghubog ng personalidad at identidad ng bawat indibidwal.

Sa paglipas ng panahon, ang wika ay naging isang pundamental na elemento ng ating pakikipag-ugnayan sa lipunan, edukasyon, trabaho, at maging sa pag-unlad ng pambansang kamalayan. Sa pagsusuri sa tungkulin ng wika, masilayan natin kung paano ito naglalarawan ng ating pagkakakilanlan, kultura, at kahusayan sa iba't ibang aspeto ng ating buhay.

References:

Amtalao, J. A. & Lartec, J. K. (2015). Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano. *MALAY*, 27(2).